

1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

しやうなん ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa August 7 (Wednesday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **AVISPA FUKUOKA** . Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

ひらつかし のうぜいか ぜいきん のうふきげん のし
平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa July 31 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng **PROPERTY TAX**. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

3)IMPORMASYON UKOL SA NEUMOCOCCAL VACCINE PARA SA MGA MATATANDA

こうれいしゃ の ため の はいえんきゅうきん の よぼう ちゅうしゃ の おし ら せ
高齢者のための肺炎球菌の予防注射のお知らせ

Kapag nagkaroon ng sakit na **Neumococcus** ay may panganib na magdulot ng malubhang sakit tulad ng Neumonia at Bronchitis kung kaya't kinakailangan ang pagpapabakuna. Magpabakuna sa mga Medikal Institusyon ng siyudad. Ang mga nabibilang dito ay mga may edad na **60 taong gulang** pataas at ang bayaring halaga ay mga **¥ 3000**. Para sa mga katanungan ukol dito ay makipag-alam sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng City Office. Telephone No. **0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

4)KARAGDAGANG TULONG UKOL SA PAGBABAKUNA NG RUBELLA O TIGDAS HANGIN

ふうしんの よぼうせつしゅ の ほじょ の おし ら せ
風疹の予防接種の補助のお知らせ

Hanggang sa isang taon ng March 31, 2025 ang Hiratsuka City ay nagbibigay ng ilang bahagi na tulong para sa mga taong magpapabakuna ng **TIGDAS HANGIN (FUUSHIN)**. Ang mga nabibilang dito ay ang mga taong nagpa-planong magka-anak. Subalit kung nagbubuntis na at nakapagpabakuna na ay hindi na mapapabilang sa mabibigyan ng tulong. Ang bayarin sa Mixed Vaccine ay nagkakahalaga ng **¥5000** at ang vaccine ng Rubella ay **¥3000**. Magpa-check up sa Institusyong Medikal ng siyudad.

1. Para sa mga katanungan ukol dito ay makipag-alam sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng City Office. Telephone No. **0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

5)UKOL SA PAGLILIMBAG NG “GUIDE BOOK PARA SA PAG-IWAS SA KALAMIDAD”

ぼうさい
防災ガイドブックの発行のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naglimbag ng bagong libro na may pamagat na “**DISASTERS PREVENTION GUIDEBOOK**”. Sa librong ito ay ipinapalagay kung sakaling magkaroon ng iba’t-ibang kalamidad tulad ng lindol, tsunami at iba pa ay ipinapaliwanag ang ukol pamamaraan ng paglikas at panganib ng bawat kalamidad. At nakatala rin dito ang mga check list ng mga stocks para sa kalamidad. Makukuha ang booklet na ito sa Information Window sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office, Citizen’s Service Center sa harap ng istasyon ng train, bawat Community Center at iba pa. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **DISASTERS MANAGEMENT DIVISION (SAIGAI TAISAKU KA)** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-9734 (0463-21-9734)**.